**Lungsod at County ng San Francisco**
**Form para sa Pag-aaplay para sa Identification Card ng Lungsod (13 Taong gulang o mas Bata pa)**

**PAKISULAT SA MALALAKING LETRA. KAILANGANG NABABASA AT NAKUMPLETO SA INGLES.**

| Ibinigay na Pangalan: | Panggitnang Pangalan | |
|---|---|---|
| Apelyido: | Suffix (Jr, Sr, III): | Petsa ng Kapanganakan (MM/DD/CCYY): |

Gusto ba ninyong inyong mga allergy at/o mga medikal na kondisyon sa inyong card?
☐ **Hindi.** Huwag kumpletuhin ang seksiyon na ito.
☐ **Oo.** Pakibigay ang mga sumusunod na opsiyonal na impormasyon ayon sa gusto ninyong pagkakalagay sa card.

Mga Allergy: ____________________

Mga Medikal na Kondisyon: ____________________

Relasyon sa Aplikante: **Magulang** ☐ **Legal naTagapatnubay** ☐

Impormasyon ng Magulang o Legal na Tagapatnubay:

____________________ ____________________ ____________________
Pangalan Panggitnang Pangalan Apelyido

Petsa ng Kapanganakan ______/______/______
Buwan Araw Taon

**Pananatlihing kumpidensiyal ng Lungsod ang impormasyong ipinagkaloob hanggang sa pinahihintulutan ng batas, pero hindi maggagarantiya ng Lungsod ang pagiging pribado ng impormasyon sa lahat ng pagkakataon. May posibilidad na kailangang ilabas ang gayong impormasyon kung ipag-uutos ng korte na may karampatang hurisdiksiyon o kung hindi man, kung itatakda ito ng batas. Gayon pa man, puwedeng isuko ng aplikante ang kanyang mga karapatan para sa pagiging pribado ng impormasyong ito. Kung lalagyan ninyo ng tsek ang opsiyonal na kahon na nasa ibaba, isinusuko ninyo ang inyong karapatan para sa pagiging pribado ng impormasyon.**

*OPSIYONAL* Sa pamamagitan ng pagtse-tsek sa kahong ito, at pag-iinisyal, isinusuko ko ang aking karapatan sa ilalim ng batas para sa pagiging pribado ng personal impormasyon na nakalista sa form na ito (halimbawa, pangalan) at binibigyan ng awtorisasyon ang Lungsod na ibigay ang impormasyon sa sinumang miyembro ng publiko kapag hiniling ito.
________Inisyal

**Mangyaring tandaan:**

- Kapag lumipat ang aplikante ng tahanan sa labas ng Lungsod at County ng San Francisco, mawawalan na ng bisa ang ID card na ito.
- Sa panahong tumuntong na ang aplikante sa edad na 14, mawawalan ng bisa ang card at kailangang mag-aplay muli ang aplikante para sa bagong ID Card ng Lungsod.
- Gagawan ng beripikasyon/awtentikasyon ang mga dokumento para sa identidad ng County Clerk sa panahon ng aplikasyon.
- Bagamat puwedeng piliin ng mga pribadong negosyo at entidad na tanggapin ang ID Card ng Lungsod, hindi itinatakda na gawin ito.

**SERTIPIKASYON**

Pinatototohanan ko, nang malay sa parusa sa pagsisinungaling, na residente ako ng Lunsod at County ng San Francisco, natutugunan ko ang lahat ng mga pangangailangan para sa ID ng lungsod, at totoo at tumpak ang lahat ng identidad, mga dokumento sa paninirahan at lahat ng mga pahayag na ginawa sa aplikasyong ito, sa abot ng aking kaalaman at paniniwala. Kung nag-aplay ako at nakatanggap na ng ID card ng Lungsod noon, pinatototohanan ko na nawalan na ng bisa, nawala, nanakaw o nasira ang orhinal na card. Puwedeng patawan ng parusa ang mga hindi totoong pahayag sa ilalim ng Seksiyon 118 ng Kodigo Penal, pati na rin ng iba pang naaangkop na batas.

________________________________________ ____________________
Lagda ng Magulang/Legal na Tagapatnubay Petsa ng Paglagda

---------------------------- Huwag Magsulat sa Ibaba ng Guhit - Para Lamang sa Opisyal na Gamit ----------------------------

| Petsa ng Pagkakaloob: | Pagpaparehistro ng ID #: | Serial # ng Card: | Ipinagkaloob ng Katuwang (Deputy) ng Clerk n County: |
|---|---|---|---|
| Petsang Mawawalan ng Bisa: | Nawala Ninakaw | (Mga) Dokumento para sa ID: 1 2 | |

CITY ID CARD

**Binibigyan ng awtorsisyon ng Kodigong Administratibo ng San Francisco Seksiyon 95.2 ang County Clerk na magkaloob ng mga Identification Card ng Lungsod sa mga residente ng Lungsod at County ng San Francisco Kailangang magpakita nang personal ang mga aplikante sa Opisina ng County Clerk, kumpletuhin ang aplikasyon, at patotohanan ang impormasyon nang malay sa parusa sa pagsisinungaling, magharap ng mga dokumentong nagpapatunay ng identidad at paninirahan, magpakuha ng larawan, at magbayad ng kinakailangang bayaran. Kapag nawala, ninakaw o nasira ang card, kailangang mag-aplay ang aplikante, matugunan ang mga itinatakda, at magbayad para sa kapalit na card.**

## PATUNAY NG IDENTIDAD

| **ISA** sa mga sumusunod na dokumento (kailangang nagpapakita ng larawan ng aplikante at petsa ng kapanganakan): | O, **DALAWA** sa mga sumusunod na dokumento (kailangang nagpapakita ang kahit na isang dokumento ng petsa ng kapanganakan at larawan ng aplikante): TANDAAN: Hindi ipinatutupad ang kinakailangang larawan para sa mga aplikanteng edad 13 o mas bata pa. |
|---|---|
| • Pasaporte ng US o Ibang Bansa<br>• Lisensiya sa Pagmamaneho ng Estado ng US<br>• ID ng Estado ng US<br>• Card ng Permanenteng Residente ng US (Green Card)<br>• Identipikasyon mula sa Konsulado (Consular Identification, CID)<br>• ID Card na may Larawan na ipinagkakaloob ng ibang bansa sa mga mamamayan nito o mga mamamayan na natutugunan ang mga pangangailangan ng Kodigong Administratibo ng San Francisco 95.1(a)<br>**TANDAAN: Puwede ring magharap ang mga aplikanteng edad 13 at mas bata pa ng:**<br>• Sertipiko ng Kapanganakan (sertipikadong kopya; hindi kailangan ng larawan) | • Sertipikadong Kopya ng Sertipiko ng Kapanganakan sa US o Ibang Bansa<br>• Social Security Card (Card mula sa mga Serbisyong Panlipunan)<br>• Pambansang ID Card na may larawan, address, o petsa ng kapanganakan at petsa na mawawalan ng bisaLisensiya sa Pagmamaneho ng Estado ng US<br>• Lisensiya ng Pagmamaneho mula sa Ibang Bansa<br>• Pangmilitar na Identification Card mula sa US o Ibang Bansa<br>• Kasalukuyang Visa na ipinagkaloob ng ahensiya ng gobyerno<br>• Liham ng awtorisasyon para sa Numero para sa Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number , ITIN) sa US<br>• Identification Card ng Institusyong Pang-edukasyon ng California: elementarya, middle, sekondarya at mga paaralan matapos ang sekondaryang pag-aaral<br>**TANDAAN: Puwede ring magharap ang mga aplikanteng edad 13 at mas bata pa ng mga sumusunod (Kailangang ipinapakita ng isang dokumento ang petsa ng kapanganakan; hindi kailangan ng larawan):**<br>• Opisyal na medikal na rekord<br>• Opisyal na rekord ng paaralan |

## PATUNAY NA PANINIRAHAN PARA SA EDAD 13 AT MAS BATA PA

**ISA** sa mga sumusunod na dokumento na nagtataglay ng pangalan ng aplikante at residensiyal na address na nasa San Francisco: **TANDAAN: Para sa mga aplikanteng edad 13 at mas bata pa na hindi makapagbigay ng mga dokumento ng paninirahan, puwedeng patunayan ng magulang o legal na tagapatnubay ang paninirahan ng bata, basta't kuwalipikado rin mismo ang magulang o tagapatnubay para sa Identification Card ng Lungsod.**

- Singil sa koryente o tubig (utility bill) na nitong nakaraang 30 araw ang petsa
- Pahayag ukol sa lokal na buwis sa ari-arian o resibo ng bayad sa mortgage na nitong nakaraang 30 araw ang petsa
- Pahayag ng account sa bangko na nitong nakaraang 30 araw ang petsa
- Patunay na kasalukuyang naka-enroll sa paaralan sa San Francisco ang menor de edad
- Kasalukuyang San Francisco Golf Resident Card
- Pay stub (papel na nagsasaad ng suweldo) mula sa pagkaka-empleyo na nitong nakaraang 30 araw ang petsa
- Nakasulat na pasya, kautusan o abiso mula sa Residential Rent Stabilization and Arbitration Board (Lupon para sa Stabilasyon at Arbitrasyon ng Upa para sa mga Gusaling Residensiyal) na nitong nakaraang 30 araw ang petsa
- Pagpapatawag para maging bahagi ng lupon ng mga tagahatol (jury summons) o kautusan ng korte na ibinigay ng korte ng estado o gobyernong pederal, at nitong nakaraang 30 araw ang petsa
- Pahayag ukol sa pederal o pang-estadong buwis sa kita o refund (pagsasauli sa labis na ibinayad) na nitong huling 30 araw ang petsa
- Singil sa seguro (seguro para sa may-ari ng tahanan, umuupa, pangkalusugan, buhay, o sasakyan) na nitong nakaraang 30 araw ang petsa)
- Nakasulat na beripikasyon na ibinigay ng homeless shelter (pansamantalang tirahan para sa walang matirhan) na tumatanggap ng pondo mula sa Lungsod at kumukumpirma ng hindi bababa sa 15 araw na paninirahan nitong nakaraang 30 araw
- Nakasulat na beripikasyon na ibinigay ng ospital, klinikang pangkalusugan o ahensiya para sa mga serbisyong panlipunan na tumatanggap ng pondo mula sa Lungsod, kung saan kinukumpirma ang hindi bababa sa 15 araw na paninirahan nitong nakaraang 30 araw
- Kapag nagharap ng sertipikadong kopya ng sertipiko ng kasal sa panahon ng aplikasyon, puwedeng patunayan ng aplikante ang paninirahan gamit ang mga dokumentong nagtataglay ng pangalan ng kanyang asawa.